Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Filipino

## Unang Markahan - Linggo 10 - Modyul 34:
## Paggamit ng Pahiwatig



Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Filipino – Grade 4
Alternative Delivery Mode
Quarter 1 - Modyul 34: Paggamit ng Pahiwatig
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – sipi.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala *(publishers)* at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Division of Valencia City
Tagapamahala ng mga Paaralan: Rebonfamil R. Baguio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Madilyn P. Saphlot |
| **Editor:** | Cathyrine D. Melos |
| **Tagasuri:** | Emelita F. Rey, PSDS |
| **Tagalapat:** | Ma. Gelyn G. Zerna<br>Rommel C. Villa |
| **Ilustrador:** | Madilyn P. Saphlot |
| **Layout Artists:** | John Rimmon I. Taquiso |
| **Tagapamahala:** | |
| Chairperson: | Rebonfamil R. Baguio<br>*Tagapamahala ng mga Paaralan* |
| Co-Chairperson: | Eugene I. Macahis, Jr.<br>*Asst. Schools Division Superintendent* |
| Mga Kasapi: | Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES<br>Noemie M. Pagayon, EPS – Filipino<br>Analisa C. Unabia, EPS – LRMS<br>Joan Sirica V. Camposo, Librarian II<br>Israel C. Adrigado, PDO II |

Inilimbag sa Pilipinas ng:

Kagawaran ng Edukasyon- Sanggay ng Lungsod ng Valencia
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

# 4

# Filipino

## Unang Markahan - Linggo 10 - Modyul 34: Paggamit ng Pahiwatig

Ang kagamitan sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga guro mula sa pampublikong paaralan. Hinihikayat namin ang mga guro at iba pang nasa larangan ng edukasyon na ipadala ang iyong mga puna, komento at rekomendasyon sa pamamagitan ng email sa Kagawaran ng Edukasyon sa Region10@deped.gov.ph.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon ● Republika ng Pilipinas**

## *Ang Modyul na Ito*

Ang mga salita ay ginagamit upang makipagtalastasan at makipag-usap sa ating kapwa. Naipapahayag natin ng maayos ang mga mensaheng nais nating ipaabot sa pamamagitan ng mga salita.

Ang modyul na ito ay tatalakay tungkol sa paggamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng isang salita. Tatalakayin din sa modyul na ito ang kahulugan ng mga katutubong salita.



***Mga Tala para sa Guro***

May mga piling gawain na mas mainam kung maoobserbahan ng tagapagturo. Mas mapapadali ang pagkatuto sa aralin at sa mga gawain kung mayroong malinaw na gabay ng guro.



## *Alamin*

Sa pagtatapos ng modyul, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

Mga Layunin


1. Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang pormal na kahulugan ng isang salita.
2. Naibibigay ang kahulugan ng isang salita gamit ang mga pahiwatig.
3. Nababasa ang kahulugan ng mga katutubong salita.

## *Paano matuto sa Modyul na ito:*

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod na mga hakbang:

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat na pagtataya at pagsasanay.

## *Mga Icons sa Modyul na ito*

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa inyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin. |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan. |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin. |
|  | Suriin | Ito ay ang pagtatalakay sa pamamagitan ng gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang iyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang iyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto . |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |

## ***Subukin***

**Panuto:** Piliin ang kahulugan ng salitang may salunguhit.

1. <u>Naaliw</u> ang mga tao sa palabas.
   A. Nahilo B. Nalibang C. Napagod
2. <u>Bumangon</u> si Anton mula sa pagkakahiga niya.
   A. Humiga B. Lumundag C. Tumayo
3. <u>Namahinga</u> ang mga tao sa bukirin.
   A. Nagpatuloy B. Nagtrabaho C. Panandaliang tumigil
4. <u>Niyanig</u> ang lupa ng isang napakalakas na lindol.
   A. Naalog B. Nagiba C. Natumba
5. <u>Masalimuot</u> tingnan ang mga nakakalat na basura.
   A. Mabaho B. Maganda C. Magulo
6. <u>Nabuwal</u> ang malaking puno dahil sa malakas na hangin.
   A. Namunga B. Natumba C. Nawala
7. Naghahanap ng <u>kalinga</u> ng magulang ang bata.
   A. aruga B. damit C. larawan
8. <u>Bihasa</u> na sa pagbasa ang batang si Pepito.
   A. Inaantok B. Pagod C. Sanay
9. <u>Sagana</u> sa pagkain ang magkakapatid na sina Lito at Belen.
   A. Kakaunti B. Marami C. Matakaw
10. <u>Hinay-hinay</u> lang sa pagtakbo upang hindi madisgrasya.
    A. Dahan-dahan B. Dali-dali C. Tuloy-tuloy

Nahirapan ka ba sa pagsagot sa ating unang gawain o hindi? Huwag mag-alala dahil ang modyul na ito ay makatutulong upang mapaunlad ang iyong kaalaman.

Maaari ka nang tumungo sa Aralin 2.

# Aralin 2 Paggamit ng Pahiwatig

Maraming wika ang binibigkas ng mga Pilipino. Minsan ay nakapagbibigay ito ng kalituhan kung hindi natin naiintindihan ang kahulugan ng bawat salita.

May mga salitang nababasa o naririnig natin na kung minsan ay nag-aalinlangan tayo sa ibig sabihin dahil bago sa ating pandinig. Kaya mahalaga na mapalawak natin ang ating bukabularyo o kaalaman sa mga kahulugan ng mga salita.

Ang paksang ito ay tatalakay sa paggamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita.



## *Balikan*


Basahin ang mga sumusunod na mga panuto o utos.

1. Iguhit ang magandang bituin.
2. Kulayan ang marikit na mga tala.
3. Magbasa ng aklat sa silid-aklatan.
4. Iligpit ang mga libro pagkatapos itong gamitin.
5. Ayusin ang mga gamit sa paaralan.



## *Tuklasin*

Magbigay ng dalawang salita na naglalarawan sa mga bagay na nasa ibaba.

_______________ _______________ _______________

_______________ _______________ _______________



## *Suriin*

- Ang mga pahiwatig ay maaaring gamitin upang malaman ang kahulugan ng isang salita. Ang mga pahiwatig na titik ay nakakatulong sa pagtuklas sa kahulugan ng isang salita. Natutukoy ang salitang binibigyang-kahulugan sa tulong ng hugis ng mga titik nito.

Halimbawa:

1. Ang bahay ay malaki.

   T_H_N_N

2. Ang aklat ay ginagamit sa pag-aaral.

   L_ _ _ O

3. Ang upuan ay isang muwebles.

   SI_Y_

- Ang kahulugan ng isang salita ay makukuha ayon sa pagkakagamit nito. Kadalasan ang mga salita na nasa isang pangungusap ay nakatutulong upang higit na maintindihan ang kahulugan ng isang salita.

Halimbawa :

1. Hinay-hinay ang pagtakbo ni Alma <u>para hindi siya madapa.</u>

- Ang salitang *hinay-hinay* ay di gaanong ginagamit ngunit kung babasahin mo ang buong pangungusap, maiintidihan mo ang kahulugan nito dahil sa pariralang *para hindi siya madapa*. Masasabi mong ang kahulugan ng hinay-hinay ay dahan-dahan o maingat. Ang salitang hinay-hinay ay katutubong salita na ibig sabihin ay dahan-dahan.

2. Berde ang kulay ng dahon ng mga punong kahoy at damo.


- Ang salitang *berde* ay nagpapahayag ng mga kulay ng dahon ng mga punong kahoy at damo. Ang berde ay kasingkahulugan ng salitang luntian.

Maaari ring gamitin ang kasingkahulugan ng salita sa pagtukoy sa kahulugan nito.

- May mga katutubong salita naman na iba ang gamit o kahulugan sa wikang Filipino.

Halimbawa:

| (Bisaya/Cebuano) | | (tagalog) |
|---|---|---|
| 1. langgam | - | ibon |
| 2. bao | - | pagong |
| 3. piso | - | sisiw |



Mababasa sa **diksyunaryo** o talahulugan ang mga pormal na kahulugan ng mga salita. Ito ay kung saan nakatala ang mga kahulugan ng salita.



## *Pagyamanin*

Gawain 1

Panuto: Basahin ang mga pangungusap. Hanapin ang kasingkahulugan ng mga salitang may salungguhit sa hanay A at itugma ito sa hanay B.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Napakarikit ng dalaga sa entablado. | A. Hinuli |
| 2. Nag-aalala si nanay dahil dinakip ng mga pulis si kuya Bento. | B. Maganda |
| | C. Paaralan |
| 3. Dala-dala ni Aljun ang libro niya. | D. Aklat |
| 4. Maagang pumunta si Divina sa kanilang eskwelahan. | E. Upuan |
| 5. Umupo ng maayos si Ana sa kanyang silya. | |

Gawain 2


Panuto: Isulat ang kahulugan ng mga katutubong salita:

1. langgam - ________
2. balay - ________
3. libro - ________
4. adlaw - ________
5. bangko - ________



## *Isaisip*

Isang paraan ng pagpapalawak ng talasalitaan ang pagbabasa. Nakatutulong din ang paggamit at pagtanda sa mga salitang magkasingkahulugan o kaya ang salitang kasalungat nito. Tandaan na ang kahulugan ng isang salitang hindi pamilyar ay lubos na maiintindihan gamit ang mga pahiwatig na kasama nitong bumubuo sa pangungusap. Maaari ding makuha ang kahulugan ng isang salita sa pamamagitan ng larawan.



## *Isagawa*

Panuto: Basahin ang mga salita. Isulat ang mga kasingkahulugan ng mga salita na nakasulat sa kahon.

| | | |
|---|---|---|
| Ihip | dahilan | pook |
| hiyaw | panggamot | |

1. Ano ang sanhi ng kanyang pagkakasakit? ___________
2. Malamig ang simoy ng hangin sa bukid. __________
3. Ang sambong ay halimbawa ng halamang medisinal. __________
4. Malayo ang lugar na tinitirhan nila. __________
5. Malakas ang tili ng mga taong nanood ng basketbol. ___________



## *Tayahin*

**Panuto:** Basahin ang mga pangungusap at piliin ang titik ng tamang salita na nagsasaad ng kahulugan ng salitang may salungguhit.

1. Malugod silang binati sa kanilang pagdating.
   A. Naiiyak
   B. Takot na takot
   C. Tuwang-tuwa
2. Si Ben ay isang mabait na bata. Hindi totoo ang bintang na siya ay magnanakaw.
   A. paratang
   B. sagot
   C. sinabi
3. Libre ang pag-aaral sa pampublikong paaralan sabi ng pangulo.
   A. Magulo
   B. May bayad
   C. Walang bayad
4. Maraming mag-aaral ang nasa eskwelahan ngayon.
   A. hospital
   B. paaralan
   C. tindahan
5. Marami ang silbi ng mga kahoy.
   A. amoy
   B. gamit
   C. kulay

Panuto: Isulat ang kasingkahulugan ng mga sumusunod na salita.

6. marikit - __________
7. lumisan - __________
8. mag-aaral - __________
9. halimuyak - __________
10. lansangan - __________



## ***Karagdagang Gawain***

Basahin ang mga pares na salita

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | bantayog | - | monumento |
| 2. | berde | - | luntian |
| 3. | huminto | - | tumigil |
| 4. | kinabahan | - | ninerbiyos |
| 5. | palaboy | - | pagala-gala |
| 6. | linlangin | - | lokohin |
| 7. | makitid | - | makipot |
| 8. | mag-impok | - | mag-ipon |
| 9. | ordinaryo | - | karaniwan |
| 10. | tuklaw | - | kagat ng ahas |

## *Susi sa Pagwawasto*

| Subukin |
|---|
| 1. B |
| 2.C |
| 3.C |
| 4.A |
| 5.C |
| 6.B |
| 7.A |
| 8.C |
| 9.B |
| 10.A |

| Suriin |
|---|
| 1. tahanan |
| 2. libro |
| 3. silya |

| Pagyamanin |
|---|
| 1.B |
| 2.A |
| 3.D |
| 4.C |
| 5.E |
| 6.ibon |
| 7.bahay |
| 8.aklat |
| 9.araw |
| 10.silya/upuan |

| Isagawa |
|---|
| 1.dahilan |
| 2.ihip |
| 3.panggamot |
| 4.lugar |
| 5.hiyaw |

| Tayahin |
| --- |
| 1.C |
| 2.A |
| 3.C |
| 4.B |
| 5.B |
| 6. maganda |
| 7. umalis |
| 8. estudyante |
| 9. bango |
| 10. daan |

## *Mga Sanggunian:*


Abellera, Lorenza. Diwang Makabansa 5. Marikina City: J.C. Palabay Enterprises, 1995.

Buenaventura, Ligaya C., and Policarpio B. Peregrino. Ang Alpabeto . Balarila. Philippines: Phoenix Publishing House, 1989.

Talahulugan, Accessed 20 June 2020. https://tl.wikipedia.org/wiki/Talahuluganan

Context Clues. Accessed 20 june 2020. https://www.dictionary.com/e/context-clues/

Pagbibigay-kahulugan Ayon sa Pangungusap Accessed 22 June 2020. https://es.scribd.com/doc/317022408/Pagbibigay-Kahulugan-Ayon-sa-Pangungusap

Para sa anumang katanungan o puna, maaring ipadala sa pamamagitan ng sulat o tumawag sa:

Kagawaran ng Edukasyon- Sangay ng Lungsod ng Valencia

Lapu - Lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615